



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-13 ESPEYAL NA PAGPUPULONG NG IKA-10 SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-26 NG NOBYEMBRE, 2021 IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Kgg. Gualberto V. Magno	- Pangalawang Punong Bayan
Kgg. Jerwin S. Dimapilis	
Kgg. David D. De La Cruz	
Kgg. John John S. Yason	
Kgg. Robert S. Quiatchon	
Kgg. Lucille T. Bacay	
Kgg. Juan Rafael M. Talens	
Kgg. Ronel S. Sescar	
Kgg. Celso M. Dimapilis	- Pangulo, Liga ng Barangay

Hindi Nakadalo:


Kgg. Elmira May V. Tarac	- Pangulo, SK Mun. Federation
--------------------------	-------------------------------

KAPASYAHAN BLG. 543
Taong 2021

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
YUMAONG KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS,
ORIENTAL MINDORO KGG. AGUSTIN LINDOGAN CUSI.

- SAPAGKAT, ang biglang pagpanaw sa daigdig ng isang naging kasama sa gawain sa paglilingkod sa bayan ay isang pangyayaring ikinalulungkot at dinaramdam ng mga naiwang kasamahan at kaibigan;
- SAPAGKAT, si Kgg. Agustin L. Cusi ay naging miyembro ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro mula Hulyo, 2004 hanggang Hunyo, 2010 at simula Hulyo, 2016 hanggang sa kanyang pagpanaw noong Nobyembre 21, 2021;
- SAPAGKAT, bilang isang lingkod bayan ipinakita niya ang tapang at lakas ng loob sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga gawaing nagsasabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang kapakanan ng nakararaming mamamayan;
- SAPAGKAT, sa panahon ng kanyang panunungkulan, nagpamalas siya ng pagmamahal at dedikasyon sa tungkulin, sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga mamamayan at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay;


GUALBERTO V. MAGNO


FERDINAND V. TALENS, MPA

SAPAGKA'T, sa kanyang mga naging kasama sa paglilingkod gayundin ng mga kawani sa iba't ibang tanggapan ng pamahalaang bayan, ipinamalas ni Konsehal Agustin "Usting" L Cusi ang mabuting pakikitungo, paggalang at pagturing na mga kaibigan sa lahat;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, ang mga namumuno at mga kawani ng pamahalaang bayan ay nagpapaabot ng pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang lingkod-bayan, Kgg. Agustin L. Cusi.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat -

IPINASIYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong kagawad ng Sangguniang Bayan ng bayang ito, Kgg. Agustin Lindogan Cusi ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro.


IPINASIYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Kgg. Agustin L. Cusi lakip ang tauspusong pakikiramay.

Pinagtibay: 26 Nobyembre 2021

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


GUALBERTO V. MAGNO
Pangalawang Punong Bayan